

## Tugon sa COVID-19

Madalas na bisitahin ang page na ito para sa mga update at bisitahin ang [coronavirus.wa.gov](https://coronavirus.wa.gov) para sa pinakabagong impormasyon mula sa mga ahensya sa buong estado ([Spanish](#), [Russian](#), [Vietnamese](#), [Chinese](#), [Japanese](#), [Korean](#), [Punjabi](#), [Somali](#), [Ukrainian](#)).

## Sarado sa Publiko ang Gusali ng UTC

Sarado sa publiko ang gusali ng UTS hanggang magkaroon ng karagdagang abiso at magtatrabaho mula sa bahay ang lahat ng empleyado ng UTC.

Available sa aming website ang maraming serbisyo, o puwede kang tumawag para sa tulong o para mag-file ng reklamo ng konsumer sa 1-888-333-WUTC (9882) o makipag-chat online 8 a.m.-5 p.m. Lunes-Biyernes. Available ang mga serbisyo ng pagsasalin sa telepono.

## Stay Home, Stay Healthy

Noong Marso 23, Nag-isyu si Gob. Jay Inslee ng kautusan na Stay at Home, Stay Healthy, at noong Mayo 1, pinalawig niya ang kautusan at inilunsad ang apat-na-yugtong modelo ng Safe Start Washington para sa muling pagbubukas. Isa-isang dumadaan sa mga yugto ang mga county, kaya kailangang malaman ng mga kumpanya kung anong patnubay ang naaangkop sa mga county kung saan sila nagpapatakbo.

- Para linawin ang estado ng iyong negosyo o para ipetisyon ang iyong negosyo na ituring na mahalaga, [isumite ang form na ito](#) (English).

## Tulong sa Bayarin sa Utility

Nag-isyu si Gob, Inslee ng kautusan na nagbabawal sa lahat ng kumpanya ng kuryente, landline na telepono, at tubig sa pagpuputol ng serbisyo o paniningil ng mga bayarin sa pagkahuli sa pagbabayad hanggang Hulyo 28.

- May available na pagpoondo para sa mga kumpanya para tulungan ang mga kustomer na bayaran ang mga bayarin sa utility.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad ng iyong bayarin sa utility, kailangan mng makipag-ugnayan sa iyong kumpanya o makipag-ugnayan sa komisyon sa 1-888-333-WUTC (9882) 8 a.m.-5 p.m. Lunes-Biyernes o mag-email sa [consumer@utc.wa.gov](mailto:consumer@utc.wa.gov) anumang oras.
- Kakailanganin mo pa ring bayaran ang iyong mga bayarin kapag nawalan na ng bisa ang kautusan, kaya bayaran mo na ito kung may kakayahan ka nang magbayad.

## Mga Konokontrol na Kumpanya

Direkta kaming nakikipagtulungan sa mga kumpanya ng utility at transportasyon na kinokontrol ng UTC habang isinasaaos nila ang kanilang mga patakaran at gawain sa panahong ito.

## Impormasyon para sa mga kumpanya ng transportasyon

### Pipeline and Hazardous Materials Safety Administration (PHMSA)

Pansamantalang pinapayagan ng PHMSA ang [mga pagbabago sa kuwalipikasyon ng operator](#) (English lang) para i-account ang limitadong tauhan at mga sinalang mapagkukunan.

- Pleksibilidad sa mga kinakailangan sa pagpapasuri sa bawal na gamot,
- Sinuspindeng pagpapatupad ng mga kinakailangan sa kuwalipikasyon ng operator at pamamahala ng kontroladong silid tulad ng mga oras-ng-serbisyo at mga espesyal na kinakailangan sa pagsasanay.

### Federal Railroad Association (FRA)

- Nag-isyu ang FRA ng pang-emergency na pagpapaubaya na, kung magkaroon ng kakulangan sa lugar ng trabaho, ititigil ang pagpapatupad ng ilang [kinakailangan sa kaligtasan](#) (English lang).
- Susunod ang UTC sa pagpapaubayang ito kapag ginagamit ang awtoridad nito sa itinalagang pagpapatupad.

### Mga tagapaghatid ng mga produkto sa sambahayan

- Kailangan magsuot ng mga telang pantakip sa mukha ang mga tagapaghatid ng mga produkto sa sambahayan.
- Para sa mga county na nasa Unang Yugto, maaari lamang maghatid ang mga tagapaghatid para suportahan ang pagsasara ng isang transaksyon sa real estate, o sa isang mahinang tao na aalis sa isang hindi ligtas na kapaligiran.
- Para sa mga county na nasa Ikalawang Yugto, Maaaring ipagpatuloy ng mga tagapaghatid ang lahat ng aktibidad, kung matutugunan nila ang mga kinakailangan sa kaligtasan para sa employer mula sa Department of Labor & Industries.

### Federal Motor Carrier Safety Administration (FMSCA)

- Inaprubahan ng FMSCA ang pansamantalang pagpapaubaya ng mga kinakailangan sa oras-ng-serbisyo para sa mga Komersyal na sasakyang naghahatid ng mga pang-emergency na tulong (tulad ng pagkain, medikal na kagamitan, at personal protective equipment), hangga't nakakatanggap ang mga drayber ng pahinga pagkatapos makumpleto ang paghahatid.
- Naglathala ang FMSCA ng listahan ng mga madalas itanong tungkol sa deklarasyon [sa kanilang website](#) (English lang).
- Gumawa ang FMSCA ng [page ng impormasyon](#) tungkol sa Coronavirus (COVID-19) (English lang).

### Department of Licensing (DOL)

- Pansamantalang pinalawig ng Department of Licensing ang mga petsa ng pag-expire ng mga lisensya sa pagmamaneho sa loob ng 30 araw.
- Ayon sa patnubay ng FMSCA, pinapalawig ng DOL ang mga petsa ng pag-expire para sa mga komersyal na lisensya sa pagmamaneho (commercial driver license, CDL) at mga komersyal na permit sa pagmamaneho (commercial driver permit, CDP) na nakatakdang mag-expire sa o pagkatapos ng Marso 30 hanggang Setyembre 30.
- Kailangang magala ng kopya ng kanilang nag-expire na medical certificate ang mga komersyal na drayber para ipakita na ang petsa ng pag-expire ng kanilang lisensya o permit ay noong o pagkatapos ng Marso 30.

## Mga Bukas na Pagpupulong, Pagdinig, at Workshop

Isinasafawa namin ang lahat ng bukas na pagpupulong, pagdinig, at workshop sa pamamagitan ng telepono o onlone. Kung nagpapalano kang lumahok sa isang kaganapan ng komisyon, tiyaking tiningnan mo ang [kalendaryo](#) para sa mga detalye.

## Mga Sanggunian

- [Opisyal na site ng Washington state kaugnay ng COVID-19](#) ([Spanish](#), [Russian](#), [Vietnamese](#), [Chinese](#), [Japanese](#), [Korean](#), [Punjabi](#), [Somali](#), [Ukrainian](#)).
- Website ng Department of Health kaugnay ng [Novel Coronavirus Outbreak 2019](#) ([American Sign Language \(ASL\)](#), [Chinese](#), [Japanese](#), [Korean](#), [Punjabi](#), [Russian](#), [Somali](#), [Spanish](#), [Ukrainian](#), [Vietnamese](#)).
- Tumawag sa hotline ng COVID-19 sa 1-800-525-0127 kung mayroon kang katanungan tungkol sa kung ano ang nangyayari sa Washington, o kung paano kumakalat ang virus. Bukas ang linya ng telepono mula 6 a.m. hanggang 10 p.m. araw-araw.
- Para makita kung ano ang mga inisyu na patnubay ng mga komisyon sa utility sa iba pang estado, bisitahin ang NARUC na [tracker sa tugon ng estado](#) (English).

## Access

Kailangan ang impormasyong ito sa ibang format? Tumawag sa 1-800-833-6384 o i-dial ang 711 para sa Text Teletype (TTY) sa pamamagitan ng mga Serbisyo sa Relay ng Washington.

Matutulungan ka ng UTC sa iba't ibang wika. Tumawag sa 1-888-333-9882 8 a.m.-5 p.m. Lunes-Biyernes at humingi ng interpreter.